# BANTAY SUNOG!

## Wildfire LOOKOUT!

- Wildfires o Mabilis na kumakalat na sunog ay **mapanganib at kadalasang nangyayari** sa kabuuan ng Hawaii.
- Wildfires o Mabilis na kumakalat na sunog ay maaring makaapekto sa inuming tubig, halamang dagat, pangisdaan, libangan, trapiko, buhay ng tao, kagubatan, tahanan, kaligtasan at kalusugan. Ito ay hindi karaniwang napag uusapan at kailangang bigyan ng atensyon. Ating ibahagi!
- Halos karamihan ng wildfires o mabilis na kumakalat na sunog ay **nagsisimula gawa ng tao**.
- Sa pamamagitan ng mga **simpleng paraan** sa ating mga tahanan, bakuran at komunidad ay maari nating protektahan ang ating sarili at pamilya.



## MAKIISA SA PAG-IWAS SA WILDFIRE O MABILIS NA KUMAKALAT NA SUNOG

Alisin ang anumang halaman ng 10 talampakan na malapit sa campfires at BBQ's, magtabi ng pala at tubig na malapit dito at siguraduhing malamig ang mga ito bago umalis.

Siguraduhing palaging maayos at gumagana ng tama ang anumang makinarya (chainsaws,weed trimmers) at mga sasakyan.

Ang init na nagmumula sa tambutso ng sasakyan ay maaring mag-apoy ng tuyong damo- iparada ang mga sasakyan sa aspaltadong lugar o kung saan walang mga halaman.

Fireworks ay karaniwang sanhi ng apoy sa tuyo at madamong lugar- upang mapanatiling ligtas, dumalo at maglibang sa mga pampublikong Fireworks display.

**Iwasan ang mga ganitong aktibidad kapat mahangin o tuyo ang damuhan!**


**Ang mensaheng ito ay hatid sa inyo ng:**

- Hawaii Wildfire Management Organization
- University of Hawaii CTAHR Cooperative Extension
- Hawaii Department of Land and Natural Resources
- DLNR Division of Forestry and Wildlife
- U.S. Fish and Wildlife Service
- NOAA National Weather Service
- Hawaii Community College
- U.S. Army Garrison-Hawaii
- Honolulu Fire Department
- Hawaii Fire Department
- Maui Fire Department
- Kauai Fire Department
- Federal Fire Department
- National Park Service
- Pacific Fire Exchange
- USDA Forest Service

**Created by Hawaii Wildfire Management Organization on behalf of Oahu Wildfire Information Exchange and Big Island Wildfire Coordinating Group.**

# 14 Madaling Paghahanda sa Wildfire o Sunog

**Do your part and share!**
**Submit photos and stories of your wildfire preparedness actions.**

### Pagtibayin ang Tahanan

- Alisin ang mga dahon at dumi mula sa mga gutters at bubong
- Panatilihing may 6 pulgada sa pagitan ng gilid at lapag
- Takpan ng 1/8" mesh o alambre ang balisbisan at mga bentelasyon
- Alisin ang anumang maaring masunog na materyal sa tabi at silong ng bahay at lanai
- Protektahan ang mga bintana- alisin ang mga halaman,isarado ang mga ito sa oras ng sunog

### Linisin ang Bakuran

- Gumawa ng matibay na espasyo sa loob ng 100 talampakan ng sakop ng bahay
- Panatilihing maiksi ang mga damo
- Panatilihing mataas ang mga sanga ng puno
- Alisin ang mga damo at tuyong dahon

### Magplano ng maaga

- Gumawa ng plano para sa pamilya sa oras ng paglikas
- Isali sa plano ang mga kapitbahay na may espesyal na pangangailangan sa oras ng paglikas
- Siguraduhing may sapat na kilusan ang mga bumbero sa lahat ng sulok ng bahay
- Siguraduhing may access sa mga hydrants, pools at tanke ng tubig
- Makipagtulungan sa mga kapitbahay o asosasyon ng pamayanan para maging maayos ang paghahanda sa sunog. Halimbawa: Bumuo ng grupo ng mga boluntaryo upang mag -alis ng mga damo sa inyong lugar, mag-imbita ng HWMO para magbigay ng Firewise sa inyong komunidad, o tipunin ang mga kapitbahay at pag-usapan ang kaligtasan sa sunog.

***Ipasa ang inyong mga larawan at istorya: #WildfireReadyHI para sa pagkakataong maging tampok sa susunod na Hawaii Wildfire Management Organization newsletter.***

***3 Kategorya:***

***Personal:*** *Paglinis ng iyong bakuran o paghanda sa iyong pamilya!*
***Kapaligiran:*** *Protektahan ang likas na yaman ng Hawaii sa pisang boluntaryong kaganapan malapit sa inyong lugar!*
***Komunidad:*** *Mag-organisa ng Firewise sa inyong lugar tungkol sa kaalaman sa sunog!*

**Para sa karagdagang impormasyon:**

- Ready, Set, Go! Hawaii Wildland Fire Action Guide (Hawaii Wildfire Management Organization)

http://www.hawaiiwildfire.org/fire-resource-library-blog/rsg-your-personal-wildland-fire-action-guide

Made possible through a grant from the Cooperative Fire Program of the U.S. Forest Service, Department of Agriculture, Pacific Southwest Region. This institution is an equal opportunity provider.

**hawaiiwildfire.org**